ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN!

Congratulations sa bagong trabaho mo. Isa ka na ngayong manggagawa—ang ibig sabihin ay kailangan mong malaman ang iyong mga karapatan!

Para sa karagdagang impormasyon at mga detalye tungkol sa mga batas na ito i-scan ang QR code.

laborcenter.berkeley.edu/rights

Tiyaking binabayaran ka ng iyong boss nang tama, nasa oras, at hindi ka pinagbabayad para sa mga extra, tulad ng mga uniporme. Dapat kang mabayaran para sa oras ng pagsasanay. May karapatan ka sa sick leave, mga break, ligtas na lugar ng trabaho, at higit pa.

Huwag mo tanggapin ang iyong bayad sa cash!

Maaari kang mai-scam! Kailangang bigyan ka ng iyong employer ng pay stub na nagpapakita ng iyong oras-oras na sahod, ang mga oras na nagtrabaho ka, ang iyong available sick leave, mga buwis, at iba pang mga pagbabawas.

EARNINGS STATEMENT

EMPLOYEE NAME			SSN	EMPLOYEE ID	CHECK NO.	PAY PERIOD		PAY DATE
				63254123	76236	06/28/20	- 07/04/20	07/06/20

INCOME	RATE	HOURS	CURRENT TOTAL	DEDUCTIONS	CURRENT TOTAL	YEAR-TO-DATE
Regular	22.00	40.00	880.00	FICA MED TAX	12.76	344.52
				FICA SS TAX	54.56	1473.12
				FED TAX	131.20	3542.40
				CA ST TAX	52.80	1425.60
Sick Leave: Hours Available 24.00				SDI	8.80	237.60

YTD GROSS	YTD DEDUCTIONS	YTD NET PAY	CURRENT TOTAL	CURRENT DEDUCTIONS	NET PAY
23760.00	7023.24	16736.76	880.00	260.12	619.88

Pinakamababang sahod!

- **$16.00 noong 2024; tumataas tuwing Enero 1.**
- **Maraming lungsod ang may mas mataas na pinakamababang sahod.**
- **Maaaring naka-apply ang ilang mga espesyal na alituntunin o pagbubukod, depende sa iyong trabaho.**

Espesyal na pinakamababang sahod para sa mga manggagawa sa fast-food!

$20 kada oras

MGA TIP:

Ang mga manggagawang kumikita ng tip ay may parehong pinakamababang sahod tulad ng ibang mga manggagawa. HINDI binibilang ang mga tip sa iyong pinakamababang sahod. Hindi makukuha ng iyong employer ang iyong mga tip.

BAYAD NG "PAGKITA" (O "ORAS NG PAG-ULAT"):

Kung dumating ka para sa iyong nakatakdang shift at pauwiin ka ng iyong employer dahil kulang ang trabaho o binibigyan ka ng mas mababa sa kalahati ng iyong karaniwang oras o nakatakdang oras, maaari kang magkaroon ng karapatang makatanggap ng bahagyang bayad para sa mga oras na nabawasan.

MAKAKUHA NG IYONG TSEKE SA TAMANG ORAS:

Kung huli ang iyong tseke, may karapatan ka sa karagdagang bayad. Kung ikaw ay tinanggal, dapat mong matanggap ang iyong huling suweldo sa iyong huling araw ng trabaho.

EMPLEYADO KA, MAY MGA KARAPATAN KA!

Kung itinakda ng iyong employer ang iyong sahod at oras at nagsasabi kung paano dapat gawin ang iyong trabaho, ikaw ay isang EMPLEYADO, hindi isang self-employed na "independiyenteng kontratista." Ang ilang mga employer ay nagsisikap na sabihing ang kanilang mga manggagawa ay mga independiyenteng kontratista, hindi mga empleyado, dahil nakakatipid sila ng pera sa buwis sa sahod. Labag sa batas na kumuha ng sinumang wala pang 18 taong gulang bilang isang independiyenteng kontratista.

Walang mga proteksyon ang mga independyenteng kontratista tulad ng pinakamababang sahod, bayad sa overtime, sick leave, at higit pa.



Labag sa batas ang pagnanakaw ng sahod!

Kapag hindi ka binayaran ng isang employer ng lahat ng nararapat mong matanggap, ito pagnanakaw ng sahod at ito ay labag sa batas.

Ilan sa mga halimbawa ng pagnanakaw ng sahod:

- Binabayaran ka ng mas mababa kaysa sa ipinangako sa iyo
- Pinapagawa ka ng anumang trabaho bago mag-clock in, pagkatapos mag-clock out, o habang nagpapahinga
- Binabawasan ng iyong employer ang iyong tseke (maliban sa mga kinakailangan ng gobyerno) nang walang iyong pahintulot. Ang mga karaniwang bawal na pagbabawas ay para sa mga bagay tulad ng:
    - Kagamitan
    - Mga Uniporme
    - Mga bagay na hindi mo sinasadyang masira
    - Kakulangan sa cash register dahil sa mga pagkakamali

Kung sa di sinasadyang pagbagsak mo ng isang lalagyan ng mga pinggan, pagtanggap ng masamang tseke, o paglisan ng isang customer nang hindi nagbabayad ng tseke, hindi puwedeng bawasan ng iyong employer ang pagkawala sa iyong suweldo!

I-scan ang QR code para malaman ang iba pa.

laborcenter.berkeley.edu/rights

May karapatan kang mag-pahinga at sa sick leave

MAG-PAHINGA

Ang lahat ng empleyado ay may karapatan sa:

- Isang 10-minutong bayad na pahinga para sa bawat 4 na oras ng trabaho
- Isang walang bayad, walang patid na 30-minutong pahinga para sa bawat 5 oras ng trabaho

BAYAD NA SICK LEAVE

- Karamihan sa mga manggagawa ay may karapatan sa hindi bababa sa limang araw o 40 oras ng bayad na sick leave (alinman ang mas mahaba) bawat taon. Pagkatapos nito, maaari kang kumuha ng walang bayad na bakasyon kung may sakit ka pa.
- Hindi ka maaaring parusahan o tanggalin ng iyong employer dahil sa paggamit ng may bayad na sick leave, at hindi ka maaaring hilingin na maghanap ng iyong sariling kapalit habang wala ka sa trabaho.

DELIKADO BA ANG IYONG TRABAHO?

Ang iyong employer ay kinakailangang magbigay ng:

Isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho

Pagsasanay sa mga kemikal at iba pang mga panganib

Mga pansanggalang uniporme at kagamitan

Workers' compensation kung nasaktan ka sa trabaho

I-report ang mga problema sa Cal/OSHA, ang ahensya ng gobyerno na namamahala sa kaligtasan sa lugar ng trabaho. Kumpidensyal ang iyong tawag sa Cal/OSHA at hindi mo na kailangang ibigay sa kanila ang iyong pangalan.

May mga programang tutulong sa iyo kung nasaktan ka sa trabaho, kung nawalan ka ng trabaho, maging may kapansanan o nagkasakit at hindi makapagtrabaho, o kung kailangan mong alagaan ang isang miyembro ng pamilya o bagong sanggol.

Mga trabahong hindi pinapayagang gawin ng mga kabataan:

- Magmaneho ng de-motor na sasakyan sa mga pampublikong kalye bilang pangunahing bahagi ng trabaho (na may ilang mga pagbubukod)
- Magmaneho ng mabibigat na kagamitan
- Gumamit ng pinapatakbong kagamitan tulad ng circular saw, box crusher, meat slicer, o bakery machine
- Magtrabaho sa pagwasak, demolisyon, paghuhukay, o pagbububong, pagtotroso o sawmill
- Maghanda, maghain, o magbenta ng mga inuming may alkohol
- Magtrabaho kung saan nakalantad sa radyasyon.

Gayundin, ang 14 o 15 taong gulang na manggagawa ay hindi maaaring:

- Magluto sa hurno
- Magluto sa bukas na apoy
- Magtrabaho sa dry cleaning o komersyal na paglalaba
- Magpatayo ng gusali, konstruksiyon, o paggawa na trabaho
- Magkarga o magdiskarga ng trak, tren, o gumagalaw na sinturon.

I-scan ang QR code para malaman ang iba pa.
laborcenter.berkeley.edu/rights

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN AT MAKAKUHA NG TULONG!

May karapatan kang sumali sa isang unyon ng manggagawa!

Ang mga unyon ay mga organisasyon kung saan nagsasama-sama ang mga manggagawa upang mapabuti ang kanilang mga kondisyon sa pagtatrabaho. Sa pamamagitan ng kanilang unyon, ang mga manggagawa ay nakikipag-usap bilang isa sa kanilang employer sa sahod, benepisyo, kalusugan at kaligtasan, at iba pang mga karapatan sa lugar ng trabaho. Ang mga empleyado ay may karapatang magtulungan sa mga karaniwang bagay, kahit na wala silang unyon.

Bawal na parusahan o tanggalin ka sa trabaho ng iyong employer dahil sa pagsali o pagbuo ng unyon.

HINDI MAAARI kunin ng mga employer ang iyong mga karapatan

Maraming bagay na maaaring pagdesisyunan ng mga employer sa trabaho, pero hindi nila maaaring labagin ang iyong mga karapatan o parusahan ka para sa pagtatanggol sa mga karapatang iyon!

Labag sa batas para sa isang employer na tanggalin ka, bawasan ang iyong oras, bigyan ka ng mas masamang shift o hindi magandang assignment, o parusahan ka sa anumang ibang paraan para sa pagpapatupad ng iyong mga karapatan tulad ng pagtanggi na magtrabaho nang walang bayad, pagkuha ng bayad na sick leave, pag-report ng pang-aabuso, o pag-pilit sa isang ligtas na lugar ng trabaho. Labag sa batas na tumawag ang isang employer sa ICE bilang paghihiganti sa mga manggagawang nag-report ng paglabag sa lugar ng trabaho; malaki ang multa na hinaharap ng mga employer para dito.

Saan pupunta para humingi ng tulong

Maaring nakakalito kung paano ireport ang isang employer na lumalabag sa iyong mga karapatan. Subukan mong hanapin ang isang pinagkakatiwalaang adulto, tulad ng magulang, guro, o tagapayo sa paaralan, upang tulungan kang ipatupad ang iyong mga karapatan.

I-scan ang QR code para malaman kung saan magrereklamo at maghanap ng mga organisasyong makakatulong sa iyo!

I-SCAN PARA MALAMAN ANG IBA PA!

laborcenter.berkeley.edu/rights